# 1

“Can you be my textmate?” malakas at humahagikgik na basa ni Chuchi sa mensaheng nasa screen ng cellphone ni Dang.

“Akin na nga ’yan, bruha ka,” natatawang piksi niya. Hinablot niya ang aparato sa kamay nito. “Napakahilig mong magbasa ng text ng may text. Marinig mo lang na tumunog ang cellphone ko, nauuna ka pang dumampot.”

Chuchi had been her best friend since college days. Hindi nga lang ito nakatapos dahil nagtanan noong nasa ikatlong taon nila sa Computer Science. Not long after giving birth, nakipaghiwalay rin ito sa addict at batugang asawa at piniling itaguyod nang mag-isa ang anak sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng kung anu-ano. Sa kagustuhan niyang matulungan itong mapagaan ang pamumuhay, nang magpatayo siya ng computer shop two years ago, ito ang naisipan niyang kunin bilang kanang-kamay niya.

“Can you be my textmate daw, o,” natatawang kantyaw nito. “May gumagamit pa pala ng ganoong modus operandi. In fairness, ang cheap ng admirer mo. Bulok na bulok na ’ika mo’ng style niya.”

"Alam na alam mo namang hindi ako papatol sa mga ganyan," naiiling na sabi niya habang hinahanap sa inbox ang mensaheng nabasa nito.

Nakita naman niya ang text message. Unregistered ang numero ng sender, pero hindi na siya nagtaka dahil marami siyang crank texters. Ang iba, nanggu-good time lang. Pero may ilan ding naghahangad na kaibiganin talaga siya bagaman hindi lang magkalakas-loob na magpakilala nang personal.

Sa halip na burahin ang mensahe mula sa bagong texter niya, nag-reply siya rito. *Hu u?*

"Hindi raw pumapatol, ha?" patuloy na panunudyo ni Chuchi nang mabasa ang isinulat niya.

Nagkibit-balikat lang siya. Hindi naman talaga siya interesado sa pakikipagbolahan sa text dahil matagal na siyang graduate doon. Nagkataon lang na idle siya pagkat mag-a-alas diez na ng gabi at iilan na lang ang mga parokyano sa shop niya nang ganoong oras. Naghahanda na nga sila ng kaibigan sa pag-uwi.

Muling tumunog ang kanyang cellphone at binasa niya ang tugon ng texter.

*A special some1 from your distant past.*

"Ay, ang taray!" impit pero patiling sabi ni Chuchi

matapos nilang sabay na basahin ang text. "Isang *fafa* na gustong magbalik-loob sa kanyang inang bayan."

Umasim ang mukha ni Dang. Malay ba niya kung totoo ang sinasabi ng annoying texter niya? Pero napaisip din siya, posible nga kayang isa ito sa mga naging nobyo niya noon na ngayon ay gustong makipaglapit uli sa kanya?

Muli siyang gumawa ng mensahe. *Hu u nga?*

He texted back, *It's too soon 2 reveal myself. Don't u worry dahlin', darating tayo dyan. Just hang on.*

*Darling-in mong mukha mo. Go 2 hell! I've no time for crazy people lyk u,* gigil na tugon niya, umaasang hindi na ito muling mangungulit pa.

"Hala," ani Chuchi na lalong namilog ang may kalakihang mga mata. "Sino kaya sa mga ex mo ang nangungulit sa 'yo? Ang dami kasi nila, mahirap hulaan."

"Lima lang po, 'no!" paingos na sabi niya pero lihim na nahihiya. Pointless to say, she wasn't proud of the fact that she already had five boyfriends before.

Hindi naman niya gustong ituring ang sarili na playgirl dahil tatlong taon na siyang wika nga ay 'basyo'. Ang huling naging relasyon niya ay noong

beinte-dos años pa siya, si Jeremy na kaopisina niya dati sa meat-processing corporation na pinasukan niya bilang staff ng technical support team.

"Maniwala ka naman na *someone from a distant past* nga 'yan. Gimmick lang 'yan para palabasing meron kaming past na puwedeng buhayin uli. For all we know, tagariyan lang 'yan sa tabi-tabi na walang magawa."

"Sabagay," pakibit-balikat na ayon ni Chuchi.

Muling tumunog ang cellphone niya at pabuntong-hiningang napailing na lang siya. Nang makitang galing na naman ang bagong mensahe sa numero ng texter niya, ipinasya niyang burahin na iyon nang hindi binabasa.

Pero kaagad na nahablot ng kaibigan sa kamay niya ang aparato. "Teka nga, ako'ng bahala sa kumag na 'to," anito na waring may naiisip na kalokohan. "Pipilitin kong pigain kung sino 'to. Kung hindi man, at least, baka ma-track down natin ang location niya."

Nagkibit-balikat siya. "Bahala ka. Pero 'wag mo akong isusubo d'yan, ha? Mamaya, stalker o manyak pala 'yan, mapahamak pa ako."

"Ang morbid mo," natatawang sabi nito.

Iiling-iling na tinalikuran na niya ito upang magtungo sa CR.

---

"Dang! Kilala ko na ang texter mo," mahina pero patiling salubong sa kanya ni Chuchi pagpasok niya kinabukasan.

Makapananghali ang karaniwang pasok ni Dang sa *Daniella's Cyber Zone*, ang computer shop na itinatag niya mula sa perang inutang niya sa kanyang mommy at sa Ate Irish niya. Pag-aari nila ang lupang kinatitirikan niyon na nasa loob din ng kanilang subdivision at wala pang isang daang metro ang layo mula sa bahay nila.

Bakanteng lote lang iyon dati na nabili ng mommy niya mula sa perang naipon nito sa pag-aahente ng alahas. Ang balak nitong itayo roon noong una ay isang mini-grocery sana pero nang matapos na ang istraktura, inungutan niya itong gawin na lang iyong computer shop. Sinabi niya ritong nabo-bore na siyang mamasukan at gusto na lamang niyang magnegosyo. At komo bunsong anak siya at mama's pet pa, nasunod ang wish niya.

And there came her business na buung-buong ipinangalan sa kanya kahit labinlimang libong piso

lamang ang halagang naiambag niya.

Her computer shop was not only a computer shop per se. Over time, nadagdagan ang linya ng trabaho nila. Now they also offered photocopying and bookbinding, lamination, minor printing jobs like digital photos, tarpaulins, personalized invitations, calling cards, etcetera. Pati nga pagre-refill ng mga ink cartridges ay raket din nila. Lately, tumatanggap na rin sila ng computer hardware repair at software installation.

Bukod kay Chuchi, may dalawa pa siyang tauhan, sina Ogie at Milet na parehong wala pang beinte años. Well-trained na ang mga ito kaya kahit anong oras siya dumating sa shop, tiwala siya sa maayos ng takbo ng negosyo niya.

"Sino?" curious na tanong niya habang inilalagay ang bag niya sa mesang nasa kabila ng istante na nagsisilbing partisyon ng computer area at workplace nila ni Chuchi.

"Someone from a distant past nga," kinikilig na sabi nito. "Hindi na niya ako pinahirapan at nagpakilala agad. Nag-text ako sa kanya kanina gamit ang ibang number. Nagkunwari akong nakikipagkaibigan. Kaso matunog siya at nahulaan niyang related ako sa 'yo. N'ong una nga akala niya, ikaw ako."

“Paano naman niya naisip ’yon?”

“Eh, kasi po, bago lang pala ’yung SIM na ginamit niyang pang-text sa ’yo kagabi. Ikaw pa lang ang nakakaalam ng number na ’yon.”

“Sows! Kaya naman pala,” nangingiting sabi niya.

“Kaya nga nagpakilala na rin ako. Sabi ko, kaibigan mo ako. Ayaw niyang maniwala at inakala pa rin niyang ikaw ang ka-text niya. Mayamaya tumawag na siya at nalaman niyang ibang tao nga ako. It turned out na kakilala pala niya ako, kaya kinulit ko siyang magpakilala na rin. Hindi naman niya ako pinahirapan. Bakit pa daw siya magtatago, eh, makikilala mo rin naman siya. Baka magalit ka lang daw lalo kung patatagalin pa niya.”

“Buti alam niya,” paismid na saad niya. “Sino daw siya?”

“Ang corny naman nito,” ani Chuchi, ngingisi-ngisi. “Ang lagay, sasabihin ko agad sa ’yo? Hulaan mo.”

“Huwag mo na nga akong sinu-suspense, bruha ka,” natatawang pandidilat niya rito. “Kanina ka pa paliguy-ligoy d’yan. Binibitin mo ako.”

“Basta hulaan mo,” humahagikgik na tugon nito. “Ex mo siya at ang clue: kakilala niya ako.”

Napasimangot siya pero pinagbigyan na rin ang laro nito. Ilang saglit pa ay naglilikot na ang isipan niya.

Kaagad niyang in-eliminate sa listahan ang unang dalawang naging boyfriend niya. High school pa lamang siya noon at hindi pa nagkukrus ang mga landas nila ni Chuchi nang mga panahong iyon. Malabo ring si Jeremy, ang huling naging nobyo niya, dahil hindi rin magkakilala ang dalawa.

Dalawa sa mga naging nobyo niya ang personal na kakilala ni Chuchi. Ang isa ay si Mikko na naging kaklase nila noong second year college sila. Pero imposible namang ang lalaking iyon ang gustong makipagbalikan sa kanya. Tulad ng mga naunang nobyo niya, matagal na rin siyang walang balita rito. Ang huling impormasyong nasagap niya, nasa Amerika na raw ito at pamilyado na.

Posible bang ang tinutukoy ng kaibigan ay si Rolly?

*Ah, malabung-malabo,* naisip niya na bahagya pang ipinilig ang ulo upang kitlin sa isip ang ideyang pilit na naggugumiit doon. Paanong magiging

si Rolly ang lalaking naghahangad na muling makipagmabutihan sa kanya gayong magkaaway na mortal sila?

Ang totoo, hindi na iba ang relasyon ng pamilya nila sa pamilya ng lalaki dahil nakababatang kapatid ito ng bayaw niyang si Randell, asawa ng Ate Irish niya. Noong una, inakala pa nga niyang bayaw rin niyang maituturing si Rolly, pero itinama ng mommy niya ang maling perception niya at sinabing ang Ate Irish lang niya ang may bayaw sa dati niyang katipan. But just the same, Rolly was somehow *related* to them.

Kapitbahay lang nila ang mga Osorio, ang pamilya ni Rolly. Pero parang ibang tao sila kung magturingan. Hindi nagpapansinan ang mommy niya at ang ama ni Rolly na si Mang Roger gayong magbalae ang mga ito. Sila naman ng binata, allergic din sa isa't isa at ni hindi halos nagtitinginan kapag nagkakasalubong. Samantalang may isang panahon noon na nagkalapit din sila nang husto, kaparis ng pagkakalapit na namagitan sa Ate Irish niya at Kuya Randell nito na humantong pa sa simbahan.

Kung paanong nagkalabuan sila noon ni Rolly, iyon ay isang masalimuot na kawing ng istoryang ang pinag-ugatan ay ang 'love rectangle' na kinasangkutan nilang mag-ate at ng magkapatid na

Rolly at Randell. Isang pangyayari iyon na naging dahilan ng galit na hanggang ngayon ay kinukuyom niya sa dibdib patungkol sa lalaking nanakit nang husto sa damdamin niya.

Alam niyang sumama rin ang loob sa kanya ni Rolly noon dahil hindi niya ito binigyan ng tsansang magpaliwanag kahit na nagsusumamo at humihingi ito ng tawad. Pero masisisi ba siya nito kung sarado man ang isip niya nang mga panahong iyon? Masyado siyang nasaktan.

Limang taon na ang nakakaraan buhat noon at napakarami nang nangyari. Nakapag-abroad na ito at umasenso. She, too, had moved on with her life and had a great time enjoying her youth. Masasabing successful na rin siya in her own right. Ni minsan, hindi pumasok sa isip niyang resolbahin pa ang naging hidwaan nila ni Rolly noon.

Ano ngayon ang dahilan para isipin niyang posibleng si Rolly ang lalaking naghahangad na makipagbalikan sa kanya? Mas malabo pa iyon sa malabong tubig ng *Ilog Pasig*.

“Sino nga ang makulit na texter ko?” impatient nang sabi niya kay Chuchi, kunot-noo. Naiirita siya dahil kahit anong tanggi ng isip niya ay malakas ang kutob niyang si Rolly nga ang tinutukoy nito.

"Sirit ka na?" anitong natatawa pa gayong obvious na nga ang pagbabago ng timpla niya.

Tiningnan lang niya ito nang may pagbabanta.

Parang nananadyang ngumisi-ngisi pa ang bruha. Lumingon ito sa gawi ng mga parokyanong nag-i-Internet saka inginuso ang isang lalaking kahit nakatalikod sa kanila ay kilalang-kilala niya ang bulto.

Si Rolly.

*Shit!* mura niya sa isip.

# 2

Ramdam na ramdam ni Rolly ang mga matang nakatutok sa kanya, pero hindi niya magawang lumingon para kumpirmahin ang kutob.

Tatlong oras na siya sa computer shop ni Dang at nagawa na niya ang mga dapat na gawin. Nabisita na niya ang iba't ibang social networking sites at nakapag-download ng mga MP3 songs sa kanyang flash drive. Ngayon ay nagba-browse naman siya ng kung anu-ano lang upang magkaroon ng dahilang mag-stay nang kaunti pang sandali.

He had been contemplating ways on how to approach Dang, pero wala siyang maisip na magandang paraan. Nang magkalakas-loob siyang magparamdam dito sa text nang nagdaang gabi, nasupalpal lamang siya. Hahayaan pa ba niyang talampakin siya nito at hiyain nang husto para lang lubayan na niya ang paghahangad na makipagbalikan rito? Pero sa isang banda, hindi rin naman niya gustong sumuko nang ganoon kadali nang hindi naipaglalaban ang damdamin niya.

Limang buwan na siyang narito sa Pilipinas mula sa apat na taong pagtatrabaho niya sa Japan bilang

mechanical engineer sa isang malaking subway transit doon. Pero hanggang sa mga panahong ito, hindi pa rin niya mapagpasyahan ang tamang paraan kung paano niya makukuhang muli ang kalooban ni Dang.

Nang magbalik-bayan siya, indirectly ay nagtangka na siyang makipaglapit dito pero imbis na mag-click ay sama ng loob lang ang inani niya. Tandang-tanda pa niya ang araw na iyon.

He specifically made it a point na hindi maeetsapuwera ang dalaga sa mga mapapasalubungan niya noon. Ang totoo, mas maganda pa nga ang handog niya rito kumpara sa pakimkim niya sa Ate Irish at mommy nitong si Dulce. Pinangalanan pa niya ang mga package wrapping ng mga pasalubong niya para siguradong makakarating sa kinauukulan ang mga iyon at hindi magkapalit-palit.

Pero ganoon na lang ang pagkabigla niya nang kinabukasan paglabas niya ng bahay ay makitang suot ng katulong ng mga ito ang regalo niya kay Dang. Nahihiyang nagpasalamat pa sa kanya ang babae sa ‘pasalubong’ niya rito na umano ay si Dang pa mismo ang nag-abot dito at sinabing ipinabibigay raw niya.

Hindi niya matukoy ang eksaktong naramdaman

niya noon. Inis ba? Pagkadismaya? Hindi siya makapaniwalang ang isang gintong *Gucci* wristwatch na mabusisi niyang binili sa Japan ay ibibigay lamang ni Dang sa katulong! *Diyos na mahahabagin!* Nasaan na ang kukote nito? Ganoon ba kalaki ang galit nito sa kanya para hindi man lang ma-appreciate ang pagmamagandang-loob niya?

Nag-alsa talaga ang loob niya nang mga oras na iyon pero hindi naman niya magawang bawiin sa katulong ang relo, kaya sinabi niya ang hinaing kay Tita Dulce. Sa malas ay wala pala itong kaalam-alam sa ginawa ng anak. Later that day, nalaman niyang binawi ng biyuda ang relo sa kasambahay at ito na lamang ang umangkin niyon. Naisip niyang ayos na rin iyon kaysa naman mapunta lang sa katulong.

Masamang-masama ang loob niya kay Dang noon. Pero tinanggap na niya sa sariling wala na talagang tsansang magkaayos pa sila. Kung hindi nito maatim na tumanggap ng mga bagay na mula sa kanya, wala nang dahilan na umasa siyang tatanggapin din siya nito. Kung cold shoulder ang gusto nito, puwes, cold shoulder din ang ibibigay niya.

Pero mahirap pala, naisip din niya. Hindi ganoon kadali ang magpanggap na uncaring at unmindful dito gayong magkatapat lamang ang mga bahay nila

at laging nagkikita. Mahirap kimkimin ang damdamin kung pilit iyong naghuhumiyaw. Pinag-aaralan na sana niyang tanggapin na malabo na talaga silang magkabalikan ni Dang. Pero nang makarating sa kaalaman niyang nagbabalak na itong sagutin ang manliligaw nitong si David, labis siyang nabahala. Gi-give up na lamang ba siya nang hindi naipaglalaban ang damdamin niya?

Alam niyang suntok sa buwan ang paghahangad niyang makipaglapit na muli rito pero sumige pa rin siya. Nang nakalipas na gabi, sinimulan niya iyon sa pamamagitan ng pagpaparamdam dito sa text. At hanggang ngayon, nangangapa pa rin siya ng susunod na mga hakbang.

Walang anu-ano ay biglang may umilaw na ideya sa isip niya nang mapatingin sa webcam ng computer unit na gamit niya. Ini-set niya iyon sa mirror-image viewing saka inayos sa anggulo kung saan makikita niya ang mga bagay sa bandang likuran niya.

At mayamaya pa, nasa screen na nga niya ang imaheng gustong makita. Hindi siya nagkamali ng hinala nang matiyempuhang nakatutok nga sa kanya ang nagbabagang tingin ni Dang.

*Kaya naman pala parang nagliliyab ang likod ko,* napapangiwing naisaloob niya.

Hindi naman talaga sa kanya pirming nakatuon ang focus ng dalaga. Sa mesa nito ay nakita niyang may ginagawa rin ito at nag-aangat lamang ng tingin upang sulyapan ang mga parokyano ng shop. At kapag sa kanya napapagawi ang tingin nito, tumatalim ang mga mata nito, napapasimangot at nagsasalubong ang mga kilay. Disgust was all over her face, bagay na lalong nakakapagpa-discourage sa kanya na lapitan ito.

---

Inip na sa paghihintay si Dang pero wala pa rin si Chuchi para relyebuhan siya sa pagbabantay sa shop. Alam naman nitong may lalakarin siya sa *BIR,* pero lumayas pa rin ito para lang kumain ng halo-halo sa *Chow King*, kasama ang isa pa niyang tauhan na si Milet. Mahigit isang oras nang wala ang dalawa at nang i-text niya, humirit pa ng kaunting palugit si Chuchi dahil nasa ukay-ukay raw ang mga ito ngayon at tumitingin ng mga damit.

Alanganin na kung lalakad pa siya dahil mag-a-alas cuatro na. Ipagpapabukas na lamang niya iyon. Gayunman, gusto pa rin niyang sumibat sa mga oras na ito dahil naiimbyerna siya sa presence ng isang taong kinaiinisan niyang makita.

*Parang walang pakiramdam ang hudas,* gigil na

naisaloob niya patungkol kay Rolly na ngayon ay nakita niyang aliw na aliw sa pakikipag-online game. Alam naman nitong unwelcome ito sa shop niya ay kung bakit dito pa ito tumambay. If only she could play oblivious of his presence, wala sanang problema. Pero dahil nagsimula na naman itong magpalipad-hangin sa kanya, she didn't know how to deal with the situation now.

She knew she wasn't ready to face him yet and she didn't think she would ever be. They simply couldn't just talk about their unresolved past or patch up their differences. Hindi naman ganoon lang kadaling kalimutan ang sakit ng kaloobang idinulot nito sa kanya noon.

Nagbuntong-hininga siya at pinilit i-pacify ang sarili sa nadaramang yamot. Ipinako niya ang tingin sa LCD monitor sa kanyang work station upang i-check ang status ng local area network ng mga computer units nila. Pero sa halip na makapag-concentrate, waring ang nakikita niya sa screen ay mga eksenang mula sa daloy ng kanyang mga alaala at ngayon ay bumubuhay sa natutulog na galit niya…

---

Hindi naman talaga si Rolly ang pinangarap niyang maging nobyo noong una kundi ang Kuya

Randell nito. She was barely a teenager then and Randell was twenty when she first felt that odd feeling. Kahit magkaalitan ang kanilang mga pamilya, she learned to grow an admiration for him.

Pinakalihim-lihim niya ang damdaming iyon dahil alam naman niyang imposibleng magkaroon ng katugon. Kung sana ay close sila, baka sakaling nagkalakas-loob siyang magparamdam man lang dito. Noong una, sinubukan niyang ibaling sa ibang lalaki ang kanyang pagtingin pero dahil sadyang si Randell lang ang isinisigaw ng puso niya nang mga panahong iyon, she never had a lasting and serious relationship with any man she thought at first could be his epitome.

Lingid sa kanya, may namumuo na palang pag-iibigan sa pagitan nila Randell at Ate Irish niya. When she learned about it, lihim na umiyak siya. Pero kaagad din siyang naka-recover. Sa halip na magsintir, pinili na lamang niyang maging masaya para sa kapatid niya at kalimutan ang kung anumang nararamdaman niya para kay Randell.

Then there came Rolly, ang nagsilbing gamot sa sugatang puso niya. The guy seemed nicer than his elder brother. Kalog ito at higit na simpatiko kaysa kay Randell.

Mula nang maging magnobyo sina Irish at Randell, hindi naiwasang maging malapit na rin sila ni Rolly. Their respective parents were still antagonist with each other, pero kakatwang hindi naman nakikialam ang mga ito sa pagkakamabutihan nilang mga anak.

She just went with the flow when Rolly started to show interest in her; she began entertaining the idea that probably they would click together if only she would give themselves a chance. Nagsimula itong magpalipad-hangin sa kanya nang gawing opisyal nina Randell at Irish ang engagement ng mga ito.

Hindi niya maipaliwanag kung paano nangyari, pero ang seven-year-old na damdamin niya kay Randell, dagling dinaig ng mas malalim na feelings niya kay Rolly. She even concluded that it wasn't really love that she felt for Randell, after all. Maybe it was only admiration or fascination that she mistook for something else. Pero nang nobyo na niya si Rolly, she clearly distinguished the difference. Randell was a wrong notion. Rolly was true love.

Tinanggap niya kaagad na sila ng binata ang compatible since they shared so many things in common. Bukod sa pareho silang bunso sa dalawang magkapatid, biyuda ang mommy niya at biyudo

naman ang daddy nito. They were both witty and high-spirited, with matching ways of thinking. Kahit nga sa mga kalokohan ay nagkakaisa sila. Everybody would agree that Rolly and she were really meant for each other, and so she thought. Wala sa hinagap niyang ang mga ipinapamalas nito ay balat-kayo lamang pala.

Ni hindi siya nagkahinala noong una sa mga ikinikilos ni Rolly. Akala niya, normal lang dito ang ginagawang paglalapit ng kalooban sa mga kaanak niya, alang-alang sa kanya. Sa huli na lamang niya napuna na parang may mali.

Kakatwa na siya ang nobya nito, pero parang interesado rin itong alamin ang mga bagay-bagay na may kinalaman sa Ate Irish niya. Kapag pinapasalubungan siya, siguradong may bitbit din ito para sa kapatid niya na halos kasing-valuable ng ibinibigay sa kanya. Kahit alam na wala siya sa bahay, bumibisita pa rin ito sa kanila at ini-entertain pa ng ate niya sa pag-aakalang wala naman iyong malisya.

Huli na nang madiskubre niyang ang dahilan pala ng pakikipaglapit ni Rolly sa kanya ay upang mapalapit din kay Irish. It was one cloudy evening nang parang bombang sumambulat sa kanya ang katotohanan.

Wala ang mommy niya noon at bisita nila ni Irish si Rolly. Inestima nila ang binata sa kanilang maliit na pahingahang kubo sa likod-bahay. Habang binabalatan ni Irish ang mga pasalubong na mangga ni Rolly, siya ang nagprisintang kumuha ng sawsawan. Natagalan lang siya nang kaunti sa pagbalik dahil ininit pa niya ang bagoong na gawa ng mommy niya. Galing kasi sa refrigerator ang sawsawan at malamig iyon.

*Sa pagbalik niya sa kubong pinag-iwanan niya kina Rolly at Irish, nagulat siya sa naabutang tagpo. Nagkubli siya sa likod ng kalapit na halamang palmera habang nakasilip sa mga ito. Hawak ng lalaki ang kamay ng ate niya. Pilit na binabawi naman ni Irish ang kamay, ngunit lalo lamang iyong hinigpitan ni Rolly na tila ayaw pawalan.*

*"How could you do this to my sister?" galit pero mahinang sabi ng babae.*

*"I have learned to love her, too, Irish," anang binata, nasa anyo ang pakikiusap at paghingi ng pang-unawa. "Pero gusto na rin kita simula pa nang mga bata tayo. Kung nauna lang akong nanligaw sa 'yo, ako sana ang nobyo mo ngayon at hindi si Kuya."*

*"God! You're so inconsiderate." Napailing-iling si Irish, larawan ng matinding disgusto sa kaharap.*

*"Paano mo nagagawang sabihin ang mga kalokohang iyan? Traydor ka, hindi lang kay Dang kundi sa kapatid mo mismo!"*

*"Akala mo ba'y madali sa akin ito?" patuloy na samo ni Rolly. "Nahihirapan na rin ako at nalilito. Nahahati ang kalooban ko sa inyo ni Dang. How can I fully devote myself to your sister when I'm desiring you as well?"*

*"Damn you!" naniningkit na bulalas ng dalaga.*

*"Please, Irish. Ang pakiusap ko lang naman sa 'yo ay tulungan akong ma-sort at matiyak ang mga nararamdaman ko. Paano ko magagampanan ang pagiging isang tapat na nobyo sa kapatid mo kung marami akong misgivings sa sarili?"*

*Kumunot ang noo ni Irish na tila natilihan sa mga ipinahayag ng kausap.*

*Nagpatuloy si Rolly, "Kiss me and only then will I know kung magagawa nga kitang tanggalin sa sistema ko." Pagkasabi niyon ay bigla nitong niyakap si Irish at pinilit na halikan.*

*Pero nagawang kumawala ng huli at nanggagalaiting inundayan ng sampal ang lalaki.*

*"How dare you do this to me!" halos pa-hysteria*

*na tungayaw nito. "Pinagkatiwalaan ka ng kapatid ko! Maayos ka naming hinaharap. Akala ko'y matino ka pero ahas ka pala! At balak mo pa kaming tuhuging pareho!"*

*Waring natauhan si Rolly, sapo ang pisnging nasaktan habang apologetic na nakatingin kay Irish. "I… I'm sorry, hindi ko gustong i-harass ka. It was only an impulse…"*

*Doon nagawang lumitaw ni Dang mula sa pinagkukublihan, hilam sa luha ang mga mata habang galit na nakatitig sa nobyo.*

*Parang wala itong malamang gawin, larawan ng guilt. "I… I'm sorry, Dang. Let me explain," anito nang makahuma. "I'm afraid you overheard something that wasn't really meant–"*

*"I can't believe this!" napapahumindig na bulalas ni Irish dito. "Now you have the nerve denying it from my sister! Nahuli na nga sa bibig mo, ikakaila mo pa? Be man enough, Rolly. Para kang hindi lalaki!"*

*Hindi pinansin ni Rolly ang patutsada nito. Sa halip ay nilapitan siya nito at tinangkang yakapin. "I didn't mean to hurt you, Dang. Hayaan mo akong magpaliwanag, please."*

*Kumawala siya rito at itinulak ito. Patuloy sa*

*pagsargo ang luha niya habang umiiling-iling sa pagkakatitig dito, tila diring-diri.*

*"I hate you!" marahan pero mariing sabi niya, larawan ng matinding sama ng loob. "Ito na ang huling pagkakataong makikita ko ang pagmumukha mo sa bahay na ito. Subukan mong lumapit uli sa akin at titiyakin kong magsisisi ka."*

*"Dang…" usal nito.*

*"Get out of my sight!"*

*Waring nababaghan ito sa pagkakatingin sa kanya. Gayunman, sa halip na tumalima, muli itong lumapit upang marahil ay yakapin siya. Pero maagap itong hinarangan ni Irish bago pa man siya nito mahawakan.*

*"Narinig mo si Dang, she wants you out of her sight," matigas na pahayag nito na itinuro pa ang direksyong palabas ng bakuran nila. "Out!"*

*Bumuntong-hininga ang binata, pagkuwan ay laylay-balikat na humakbang na palayo.*

*Walang patid ang luha niya habang hatid ito ng tanaw at hanggang mawala sa paningin niya.*

*"He doesn't deserve you," nakikisimpatiyang sabi nito habang marahang tinapik-tapik siya sa balikat.*

*"Neither is he worth your tears."*

*Tiningnan niya itong saglit, pagkuwan ay kumawala sa pagkakaakbay nito. "I want to be alone."*

*Wala mang kasalanan sa kanya ang kapatid, hindi niya mapigilang makadama ng kaunting inis dito. Insecurity maybe, naisip niya. Dahil ang dalawang lalaking nagkaraon ng espesyal na puwang sa puso niya, parehong dito nagkagusto.*

*Nang sumunod na araw, nawala na rin ang di-makatwirang hinanakit niya sa kapatid lalo't nakikita niyang naaapektuhan din ito at binabagabag ng guilt sa predikamentong hindi naman nito ginusto.*

Masakit man ang nangyari sa kanila ni Rolly, sinikap niya itong tanggalin sa sistema niya. Ilang beses itong nagtangkang kausapin siya, pero hindi niya ito binigyan ng pagkakataong makalapit man lang.

Ang sumunod na nabalitaan niya, bumukod na ito ng tirahan matapos makipagtalo sa nakatatandang kapatid dahil sa nangyari. Naisip niyang hindi rin siguro nakatiis si Irish na hindi magsumbong sa nobyo nito hinggil sa ginawa rito ni Rolly. After three months, nalaman na lamang niyang nasa abroad na ang binata.

Pero anumang panghihinayang na naramdaman niya noon ay dinaig ng galit sa puso niya para sa lalaking nanakit nang husto sa kanya. Ang alam niya, nagkabati rin ang magkapatid na Randell at Rolly bago tuluyang umalis ang huli. At napatawad din ito ng mommy at Ate Irish niya.

Sa paglipas ng panahon, nagawa naman niyang limutin ang masakit na karanasang iyon. Pero kailanman, hinding-hindi na niya bibigyan ng pagkakataong na magkaayos pa sila ni Rolly—the man she swore to hate until the end of time.

---

NAPUTOL ANG DALOY ng gunita ni Dang nang may marinig na kumakatok sa ibabaw ng wooden counter na nagsisilbing barrier ng booth niya. Awtomatikong napatiim-bagang siya nang mag-angat ng tingin at makita si Rolly.

*Damn!* This was the moment she dreaded and hated the most—ang muling makaengkuwentro nang harap-harapan ang lalaking labis na kinabubuwisitan niya.

# 3

"Magkano'ng charge ko?" blangko ang ekspresyong tanong ni Rolly sa kanya.

Mabilis na hinamig ni Dang ang sarili upang kontrolin ang paghahangad na tarayan ang kaharap kahit ngali-ngali na niyang gawin iyon. He was a customer and should be treated nicely. At siya bilang isang propesyonal, hindi niya dapat isali sa trabaho ang anumang personal na galit niya.

Tiningnan niya ang screen ng kanilang server computer para i-check ang nakarehistro roong duration ng paggamit nito ng computer.

*Four hours?* di-makapaniwalang naisaloob niya. *Nakatagal ang walanghiya nang four hours sa walang katorya-toryang pag-i-Internet?* Muntik na siyang mapaismid kung hindi lamang niya napigil ang sarili. In the first place ay ano ba ang pakialam niya?

*Kung hindi ba naman malaki ang sira sa tuktok!* inis na panlalait niya rito sa isip. Dumayo pa ito sa shop niya gayong may Internet naman ito sa bahay. Alam niya iyon dahil natanaw niya dati na may mga linemen na nag-i-install ng broadband connection sa

bakuran ng mga ito. For all she knew, nagpapapansin lang ito sa kanya.

Muli niya itong binalingan at sinabi kung magkano ang charge nito. Habang hinihintay itong makakuha ng pera sa wallet, wala sa loob na napatingin siya sa maliit na salaming nasa tabi ng computer niya. Napamaang pa siya nang makita sa repleksyon ang salubong na salubong na mga kilay niya, patunay ng matinding yamot.

Pasimple at dahan-dahan niyang binago ang ekspresyon. Mahirap na. Baka isipin pa ng herodes na apektado siya ng presence nito! Naiinis siya na nakakaakto ito na parang walang anuman sa harapan niya samantalang siya ay natetensyon.

Matapos iabot sa kanya ang isang dadaaning papel at masuklian niya, bahagyang nagpasalamat sa kanya si Rolly, pagkuwan ay tumalikod na.

Papalabas na ito nang maglaro sa isip niyang tawagin ito upang sitahin sa ginawang panggu-good time sa kanya sa text nang nakaraang gabi, pero inawat niya ang sarili. Paano kung i-deny nito? Mapapahiya lang siya. Magkakaroon pa sila ng diskusyon na maaaring mauwi sa taltalan ng mga hindi naresolbang issues sa kanilang nakaraan. At iyon ang bagay na pinakaiiwasan niya.

Pero sa malas, tila hindi rin siya bibigyan ng binata ng pagkakataong ganap na makaiwas dito. Dahil bago ito tuluyang makalabas ng pinto ng shop niya, nakita niya itong pumihit at humakbang pabalik sa kanyang puwesto.

"Yes?" pormal na sabi niya na umangat pa ang mga kilay.

"Maalala ko nga pala," anito na bahagyang ngumiti, business-like ang tono. "Nabasa ko kasi sa pintuan n'yo na tumatanggap kayo ng computer repair. Ipapaayos ko sana ang unit ko. Magtu-two weeks na kasing sira."

*So, that explains kung bakit dito pa sa shop ko dumayo ng Internet ang hunghang!* sa loob-loob niya.

"Ano'ng sira?" malamig na tanong niya.

"Hindi ko alam. Basta namamatay at nag-re-restart nang kusa bago pa magtuloy sa *Windows*. Tingin ko na-virus n'ong mag-browse ako sa isang porn site."

Napahumindig siya at lihim na nabastusan sa kadirektahan ng kausap. Ngunit nang makitang parang balewala naman dito ang sinabi, nagpatay-malisya na lang din siya.

"Baka nga na-virus," matabang at pakibit-balikat na sabi niya. "Anyway, madali lang ayusin 'yon. Ire-reformat lang ang hard disk ng PC mo at i-install-an ng bagong software. Dalhin mo na lang dito 'yung CPU mo bukas."

"Pa'no 'yon?" anito na bagaman nakangiti ay kumunot ang noo. "Hindi ba dapat i-home service 'yon since may linya ng Internet na kailangang i-set up?"

"There's no need for that," aniya, so tono ng isang masungit na principal. "Broadband ang linya n'yo kaya automatic na ang configuration n'on kapag ikinonekta sa PC mo. Kayang-kaya mong gawin 'yon. All you need to do is follow the on-screen instruction that will pop out."

"I don't think I can make it," saad nito na bahagyang sumimangot habang umiiling-iling. "Jessica also needs a connection in her room."

Ang tinutukoy nito ay ang dalagang stepsister nitong nakapisan sa mga ito. Hindi sila close ng babae bagaman kabatian naman niya.

"You see, ignorante ako sa computer networking," patuloy ni Rolly. "May router device sa amin pero hindi ko alam gamitin 'yon. I have no idea how to

make two computers share one Internet connection."

"Then call your Internet service provider," pabarang sabi niya, bahagyang nakaismid. "Hintayin mo ang ipapadala nilang technician and let them do the job."

"Ang kaso nga, sira 'yung mismong computer," malumanay na turan nito sa tonong tila nagpapaliwanag sa isang batang mahirap umintindi. "Hindi naman aayusin ng *PLDT* ang PC ko, di ba? The most they can do is link it to the Net. Now, kung sa inyo ko ipapaayos ang computer ko, madali n'yo nang mai-se-set up ang connection."

Napailing siya. "Ang problema, wala isa mang available sa amin na puwedeng mag-home service sa unit mo. May sakit si Ogie, 'yung isa kong tauhan na nagsisilbi ring technician. Ikatlong araw na niya ngayong hindi pumapasok."

"Si Ogie lang ba ang puwede? Hindi mo kaya 'yung ginagawa niya?"

"Kaya ko, s'yempre," pabiglang sabi niya, saka mayabang na idinugtong, "Ako nga lang ang nagturo sa kanya ng local area networking, eh." Huli na nang mapagtanto niya na parang isinubo na rin niya ang sarili.

Unti-unting napangiti si Rolly. "Kung gan'on, ikaw na ang pumunta sa bahay bukas. Wala ka namang masyadong ginagawa sa inyo pag umaga. Natatanaw nga lang kitang padilig-dilig at paduyan-duyan sa swing n'yo. Hapon ka pa naman pumapasok dito sa shop."

Napabuntong-hininga si Dang, lihim na naaasar sa nagiging takbo ng diskusyon nila. She was supposed to be indifferent to this man whom she swore to avoid for the rest of her life, no matter what. Pero heto siya ngayon at nakikipaghuntahan pa rito.

Nagagalit siya sa sarili na wala siyang magawa kundi pakiharapan ito. Pero higit ang ngitngit na nadarama niya rito! Napaka-insensitive naman nito upang hindi man lang isaalang-alang ang kalooban niya. Hindi ba nito nahahalata na awkward para sa kanya paghaharap nilang ito?

"M-may lalakarin ako bukas sa *BIR*," paiwas na sabi niya, muling pumormal ang anyo.

"So, anong araw ka available?" anito na tila ayaw siyang bigyan ng pagkakataong tumutol sa gusto nitong mangyari. "I-set natin kung kelan ka p'wede."

"Bakit ba ako pa?" aniyang hindi na ikinubli ang annoyance sa wari'y pangungulit na nito. "Wala ka

bang ibang kilalang technician?”

“I know some. Pero ikaw na ang pinaka-convenient na malalapitan ko since magkatapat-bahay lang naman tayo. Saka trabaho n’yo talaga ’yon. Walang dahilan para tanggihan mo ang customer na tulad ko, unless there’s a personal reason that holds you back.”

Nagtagis ang mga bagang niya habang matalim ang mga matang nakatitig dito. *Damn you, Rolly!* piping sigaw niya bunsod ng ngayon ay bumabangong hinanakit na matagal na niyang ikinukuyom sa dibdib para rito.

“What now?” ani Rolly, seryoso ang mukha pero nananalakab ang tingin sa kanya. “Keep in mind na trabaho lang ito, walang personalan.”

“But of course!” taas-noo pero lihim na nainsultong bulalas niya. “Darating ako sa inyo the day after tomorrow.”

“Okay, I’ll expect you then. Thanks,” anito at tumalikod na.

Naiwan siyang lihim na nagbubusa sa galit. Diyata’t naisahan siya!

---

Masayang-masaya si Rolly habang tinutugpa

ang kalye pauwi sa bahay nila. Hindi niya akalaing magwo-work nang ganoon kabilis ang plano niya.

*Sometimes, it pays to be schemy,* nangingiting naisaloob niya kaugnay ng naisip niyang strategy upang magkaroon siya ng rasong makalapit kay Dang. From there, saka naman siya iisip ng mga hakbang kung paano mahuhuling muli ang loob nito. He would probably fail but there was no harm in trying.

Ang totoo, hindi naman talaga niya gustong i-provoke ang dalaga. Huling recourse na niya iyon dahil naramdaman niyang malabong mapaamo niya ito kung basta susuyuin lang niya. Nakumpirma niya iyon kanina nang magtama ang mga paningin nila at makita niya sa mga mata nito ang matinding galit at pagdaramdam na hanggang ngayon ay kinikimkim nito para sa kanya.

And he hated himself for causing her that much pain. Ngayon ay gusto niyang makabawi at iwasto ang kanyang mga pagkakamali.

Aminado siyang nalito lamang siya noon at naguluhan sa mga nararamdaman niya. Sa panahon ng relasyon nila ni Dang noon, lagi niyang pinagdududahan ang pag-ibig niya rito. But realization rushed through him the night she broke

off with him. In an instant, he came to realize how much she meant to him.

Pero dahil sa sakit na idinulot niya rito, ni hindi na siya nito binigyan ng pagkakataong magpaliwanag at patunayan ang kanyang pag-ibig. Buung-buo na sa isip nito na pinaglaruan lamang niya ito, pinaasa at pinasakay.

Ngayon, pagkalipas ng limang taon, susubukan niyang muling kumatok sa pinto ng puso nito. At wika nga, kung hindi niya ito makukuha sa santong dasalan, he'd opt for the reverse method just to win her heart back.

Bumuntong-hininga siya saka pinagkurus ang mga daliri.

---

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Dang bago pindutin ang buzzer sa gate ng mga Osorio. She couldn't help but feel that nasty sensation down her spine while waiting for anybody to let her in. Gayunman ay sinikap niyang kalmahin ang sarili. Walang rason para katakutan niya ang pakikipagharap kay Rolly. Nagkaharap na nga sila noong makalawa, ano ang dahilan para ngayon pa siya matensyon?

Hindi nagtagal ay natanaw niya na lumalabas ng bahay ang may katabaang stepsister ni Rolly, si Jessica. Nakauniporme ito at may bag kaya nahulaan niyang patungo na ito sa ospital na pinapasukan nito bilang nurse.

Mahigit dalawang taon na niyang kapitbahay ang babae. Anak ito sa pagkadalaga ni Celeste na ikalawang asawa naman ng daddy ni Rolly, si Mang Roger. Nang magpakasal ang dalawa, hindi na humiwalay si Jessica sa ina at nakipisan na rin sa mga Osorio.

Ang sabi-sabi, hindi naman talaga ibig pakasalan ni Mang Roger si Celeste; palikero ito at hindi nakokontento sa isang babae lang. Pero lubhang wais daw ang ina ni Jessica at nagawang siluin ang daddy ni Rolly.

Dang didn't mean to be nosy but she happened to know all that. Biyenan ng Ate Irish niya si Mang Roger at kapag umuuwi ito sa kanila, marami itong pasalubong na kuwento tungkol sa pamilya ng esposo. Isang bloke lamang naman ang layo ng bahay ng mag-asawang Randell at Irish sa kanila. Dating nakapisan ang mga ito sa parental house ng mga Osorio pero dahil may dalawa nang anak at nag-asawa nga uli si Mang Roger, pinili ng mga ito na bumukod na at

magpatayo ng sariling tirahan.

Lumaki at nagkaisip siyang magkaaway na ang angkan nila at ng mga Osorio—away na nagsimula pa sa henerasyon ng mga lolo at lola nila. Kaya naman hindi kataka-takang silang mga apu-apo ng magkabilang partido ay maiilap din sa isa't isa. Ngunit ang family feud na iyon, tinuldukan ng pag-iibigan nina Irish at Randell.

Ngunit ang tuldok, dinugtungan niya ng dalawa pang tuldok at naging *tutuldok*, indikasyon na hindi pa tapos ang hidwaan—at hindi niya intensyong tapusin pa.

Hinding-hindi na siguro niya mapapatawad pa si Rolly sa ginawa nito sa kanya. Maantak pa rin sa kanya ang alaala ng tangkang *panunuhog* nito sa kanilang magkapatid at pambibilog sa ulo niya.

*Hayup ka, Rolando! Maisip lang kita, nasisira na'ng araw ko. Huwag kang magkakamali sa mga kilos mo at ipapa-salvage talaga kita!*

"Hi!" nakangiti pero bahagyang nakakunot-noong bati sa kanya ni Jessica nang pagbuksan siya ng gate. Nagtataka marahil ito na naroon siya samantalang ni hindi nga siya dumadalo kapag may mga pagtitipon sa bahay ng mga Osorio sa kabila ng

pamimilit sa kanya ni Irish.

“Hi. Good morning!” ganting bati niya, alanganin ang ngiti. “N-nariyan ba si R-Rolly?”

“O-oo, narito,” anito na lalong napamaaang, tila hindi makapaniwala na of all people sa tahanang ito ay si Rolly ang sadya niya.

Base sa reaksyon nito, natiyak niyang may alam ito sa kuwento ng nakaraan nila ng dating nobyo.

“M-may patitingnan kasi siyang computer,” dugtong niya bago pa ito mag-isip ng iba. “Hindi kasi available ang isa kong technician kaya ako na’ng pumarito.”

“Ah… I see.” Nakangiting tumango ito pero hindi naman nabawasan ang pagtataka sa anyo, tila winawari pa rin kung bakit siya kinailangang lapitan ni Rolly para gumawa ng computer nito.

Niluwangan nito ang bukas ng pedestrian gate at pinapasok siya. Sasamahan sana siya nito papasok sa bahay nang matanaw nila si Rolly na lumalabas na rin at pasalubong sa kanila.

“Pa’no, iiwan ko na kayo,” nakangiting pagpaalam sa kanila ni Jessica nang tuluyang makalapit ang lalaki.

Tumango siya at nagpasalamat dito. Mayamaya pa ay sila na lamang ni Rolly ang naroon, nakatayo sa makitid na daang pantao.

"Tara sa loob," friendly ang ngiting yaya ng binata.

Saglit siyang nag-atubili pero nang tumalikod ito at humakbang ay napasunod na rin siya.

Malawak ang solar ng mga Osorio at medyo malayo sa gate ang mismong bahay. Habang naglalakad patungo roon, hindi niya napigilang mag-obserba sa paligid, mula sa naggagandahang mga tanim sa hardin hanggang sa marangyang kabahayan.

Pamilyar sa kanya ang mga nakikita dahil bukod sa ilang beses na siyang nakapasok dito noong magnobyo pa sila ni Rolly, lagi niyang natatanaw ang bakuran ng mga ito kapag nagmamasid siya sa kalsada mula sa balkonahe sa ikalawang palapag ng kanilang bahay.

Bago makapasok sa kabahayan, natanaw niya sa lanai si Aling Celeste, nakaupo sa rocking chair at nagku-cross stitch. Magalang na bumati siya sa ginang na ginantihan naman nito ng malugod ding pagbati.

"Tita, ipapaayos ko'ng computer ko. Nagloko

kasi," nakangiting saad ni Rolly bilang tugon sa nagtatanong na anyo ng madrasta.

Obviously, may alam din ang babae sa istorya nila ni Rolly kaya parang ipinagtataka nito na naroon siya at kasama ng binata. At naiinis siya sa ideyang baka iniisip nitong nagkakamabutihan na uli sila ng ex niya.

"Kumain ka na ba?" nakangiting tanong sa kanya ng lalaki nang nasa sala na sila. "Ipagpapahain kita kay Lolit." Ang tinutukoy nito ay isa sa mga kawaksi.

"Tapos na," paasik at walang kangiti-ngiting sabi niya. She hated it when he treated her like this—friendly and nice. Mas magiging komportable pa siguro siya kung magsisinghalan sila. "Nas'an ba'ng computer mo? Ilabas mo na't nang matingnan ko na." Luminga-linga siya at hinanap ng tingin ang ipapaayos nito gayong alam naman niyang posibleng nasa study room iyon.

"Nasa itaas, sa room ko," anito.

"Kunin mo na."

"Ha?" napakamot sa ulong sabi nito. "Hindi p'wede. Naroon ang cable ng Internet. Paano mo aayusin ang connection n'on kung ibababa ko rito ang unit? Kakailanganin mo ring umakyat mamaya

doon para ikabit 'yun. Afterwards, ili-link mo rin 'yon sa PC ni Jessica na nasa itaas din."

Muntik na siyang mapailing sa pagkadismaya. Iniiwasan na nga niyang magkalapit sila nito, but apparently, she'd still get stuck with him. At sa loob pa mismo ng silid nito!

What a curse! Parang gusto na yata niyang mag-back out sa pakikipag-commit dito.

"Let's go!" ani Rolly na nauna nang umakyat. Ngunit tumigil din ito sa kalagitnaan ng hagdanan nang mapunang hindi siya kasunod. Lumingon ito at napakunot-noo nang makitang tila tulalang nakamata lamang siya rito. "C'mon," pukaw nito sa pagbabantulot niya. "Don't tell me natatakot ka sa akin?"

Naiiling na napabuntong-hininga siya, pagkuwan ay kinakabahang sumunod na rito. Nang makapasok sila sa silid nito, pakiwari niya ay pinto ng impiyerno ang pinasok niya.

Muntik na siyang mapatalon sa nerbyos nang marinig na inilapat nito ang pinto pasara. Hindi niya maipaliwanag ang kilabot na dagling bumalot sa katauhan niya na dulot ng pagkakasolo nila.

*Diyos ko, iligtas Mo po ako sa dyablo!*